BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Enero 11, 2022
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tina Landis, 415-940-3585

Unang pulong ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin, isasagawa sa Enero 13

SAN FRANCISCO – Isasagawa ng Distrito ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang una nitong pulong sa Enero 13 nang 6 p.m.

Sa isang makasaysayang kaganapan, inaprubahan ng Mga Lupon ng Direktor ng Distrito ng Hangin Board ang pagkakabuo ng unang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin noong Nobyembre 17, 2021. Papayuhan ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin tungkol sa patakaran sa hustisya sa kapaligiran at nakabatay sa pagkakapantay-pantay na patakaran, at ang unang komiteng ganito ang tungkulin sa Distrito ng Hangin ng Bay Area.

“Nasasabik na kaming ilunsad ang bagong konsehong ito na magbibigay sa komunidad ng boses sa mga usapin sa programa at patakaran ng Distrito ng Hangin,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Habang patuloy nating binubuo ang pagkakapantay-pantay sa kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pagtugon sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon, nakikita namin ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad bilang isang pangunahing hakbang patungo sa paglutas ng mga hindi pagkakapantay-pantay na ito. Ang opinyon at natatanging pananaw ng mga kinatawan at tagapagtaguyod na nakatira, nagtatrabaho, at direktang apektado ng pagpaparumi ng hangin ay hahantong sa mga mas mahusay at pangmatagalang solusyon.”

Ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ay isang Komite sa Brown Act at binubuo ng 17 miyembro ng komunidad mula sa buong Bay Area. Kinakatawan ng mga miyembro ng konseho ang pagkakaiba-iba ng mga komunidad sa Bay Area at naranasan ang mga karanasan ng mga nakatira sa mga komunidad na lubos na apektado ng pagpaparumi ng hangin. Ang mga indibidwal sa konseho ay may iba't ibang skill set at malawak na nauugnay na kaalaman at teknikal na karanasan.

Binuo ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad sa kahilingan ng komunidad at magbibigay ito ng opinyon sa mga pangunahing inisyatiba ng Distrito ng Hangin. Nagsisikap ang Distrito ng Hangin para suportahan ang pagkakapantay-pantay sa lahi at hustiya sa kapaligiran sa kabuuan ng tungkulin nito sa ilalim ng pamumuno ni Veronica Eady, senior deputy executive officer sa patakaran at pagkakapantay-pantay.

“Ang kawalan ng hustisya sa kapaligiran ay hindi usapin ng nakaraan, bagkus, isa itong pangkasalukuyang hamon sa Bay Area,” ayon kay Veronica Eady, senior deputy executive officer ng Distrito ng Hangin. “Maghahatid ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng iba't ibang boses mula sa mga pinakaapektadong komunidad ng ating rehiyon para matugunan ang mga hindi

pagkakapantay-pantay sa kalusugan dahil sa polusyon, na gagawing batayan sa aming adhikain sa patakaran na patungo sa pagkakapantay-pantay.”

ANO: Unang pulong ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin

SINO: Mga Miyembro ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad

KAILAN: Huwebes, Enero 13, 2022, 6 – 9 p.m.

SAAN: Zoom Link:
https://us02web.zoom.us/j/83545993948
Webinar ID: 835 4599 3948

Puwedeng sumali at lumahok ang publiko sa (Community Advisory Council, CAC) meeting sa pamamagitan ng Zoom. Makikita ang agenda packet dito: https://www.baaqmd.gov/about-the-air-district/community-advisory-council

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Distrito ng Hangin Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Distrito ng Hangin Homepage | *News Releases*